

*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*  
LITURGY OF THE HOURS

PANALANGIN SA UMAGA

---

Ika-1 ng Marso, 2023

{ Ika-1 Miyerkules sa Panahon ng Kuwaresma }



## *Paanyaya sa Panalangin*

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus sa mga labi*

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.

— At pupurihin ka ng aking bibig.

*Salmo 95*

*Ang Panawagan upang papurihan ang Diyos*

Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

— Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Tayo ay lumapit sa ‘ting Panginoon, Siya aawitan,  
Ating paputihan ang batong kublihan nati’t kalakasan.  
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,  
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.

— Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,  
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.  
Nasa kanyang palad ang buong daigdig pati kalaliman,  
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.  
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.

— Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Tayo ay lumapit, sa kanya’y sumamba at magbigay-galang,  
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati’y lumalang.  
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,  
Mga tupa tayong inaalagaan.

— Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon, huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:  
“Iyang inyong puso’y huwag patigasín,  
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang

Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.

Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,  
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang.

- Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon,  
huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,  
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan  
At ang mga utos ko ay sinusuway!"

Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,  
Sa lupang pangakong aking inilaan."

- Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon,  
huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;  
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

- Kung ngayon ay marinig mo ang tinig ng Panginoon,  
huwag sanang maging matigas ang iyong puso.

## *Panalangin sa Umaga*

### AWIT

Sa pagdating ng bagong umaga  
Tulad ng awit nitong maya  
Ating purihi't pasalamatan  
D'yos na may dulot, lahat ng iyan.

Kahit ulan man, sinag ng araw,  
Mula sa langit, sa ati'y alay.  
Ating purihi't pasalamatan  
D'yos na may dulot, lahat ng iyan.

Ating umaga, mayroong buhay  
Tulad sa Eden, nang isilang  
Ating purihi't pasalamatan  
D'yos na may dulot, lahat ng iyan.

MGA ANTIPONA AT SALMO

*Antipona 1*

Panginoon, ang liwanag na taglay mo'y sa amin umaakay.

*Salmo 36*

*(Ang kasamaan ng makasalanan at ang kabutihan ng Diyos)*

Kasalana'y nangungusap sa puso ng masasama,  
Sa ubod ng puso nila'y doon ito nagwiwika;  
Tumatanggi ito sa Diyos at ni takot ito'y wala.

Ang palagay sa sarili, siya'y isang dakila na;  
Ang akala'y hindi batid ng PANGINOON ang kanyang sala,  
Kaya yaong iniisip, hindi siya magdurusa.

Kung mangusap ay masama at ubod nang sinungaling;  
Dahop na ang karunungan sa paggawa ng magaling.

Masama ang binabalak samantalang nahihimlay,  
Masama rin ang ugali, at isa pang kasama'y  
Yaong laging inakap ay gawaing mahahalay.

Ang wagas na pag-ibig mo, O PANGINOON, ay walang hanggan,  
At ang iyong pagtatapat ay abot sa kalangitan.  
Matuwid at matatag ka na tulad ng kabundukan,  
Ang matuwid na hatol mo'y sinlalim ng karagatan;

Ang lahat ng mga tao't mga hayop na nilalang,  
Sa tuwina'y kinukupkop ng mapagpala mong kamay.  
O Diyos, yaong pag-ibig mo'y mahalaga at matatag,  
Ang kalinga'y nadarama sa lilim ng iyong pakpak.

Sa pagkain ay sagana sa sarili mong tahanan;  
Doon sila umiinom sa batis ng kabutihan.  
Sa iyo rin nagmumula yaong lahat na may buhay,  
Ang liwanag na taglay mo ay sa amin umaakay.

Patuloy mong kalingain ang sa iyo'y umiibig,  
Patuloy mong pagpalain ang may buhay na matuwid.  
Ang palalo'y h'wag tulutan na ako ay salakayin,  
O ang mga masasamang gusto akong palayasin.

Yaong taong masasama'y masdan ninyo at nagupo!  
Sa kanilang binagsakan, hindi sila makatayo.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,  
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Panginoon, ang liwanag na taglay mo'y sa amin umaakay.

*Antipona 2*

Ikaw, O Diyos, ay pupurihin sa taglay mong lakas.

*Awit: Judith 16:2-3a, 13-15*

*(Ang Diyos na Lumikha ang kumakalinga sa kanyang bayan)*

Purihin ang DIYOS, siya ay awitan,  
Tugtugin ang tambol, gamitin ang pompiyang,  
Isang bagong awit, siya'y papurihan,  
Siya ay tawagin nang tayo'y tulungan.

Ako ay aawit ng bagong awitin,  
Ikaw, PANGINOONG Diyos, aking pupurihin.  
Sa taglay mong lakas, di kayang lupigin.

Bayaang maglingkod ang mga nilalang,  
Silang sa utos mo'y nagtamo ng buhay  
Nang ang ilong nila ay iyong hingahan.  
Kaya naman lahat sa iyo'y gumagalang.

Pag ikaw'y lumapit, bundok, karagatan,  
Pawang manginginig, hindi mapalagay,  
Maging mga bato'y pawang natutunaw,  
Ngunit sa sinumang masunuring tunay,  
Ikaw'y nahahabag lubos nagmamahal.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,  
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ikaw, O Diyos, ay pupurihin sa taglay mong lakas.

*Antipona 3*

Dakilain natin ang Diyos na kapiling sa pamamagitan ng mga

papuring awitin.

*Salmo 47*

*(Ang Panginoong Hesus ang Hari ng lahat)*

Magdiwang ang lahat ng mga nilikha,  
Pumalakpak kayong may awit at tuwa!  
Bilang pagpupuri sa Diyos na Dakila!  
Ang Diyos na PANGINOON, Kataastaasan,  
Ay dakilang haring dapat katakutan;  
Siya'y naghahari sa sangkatauhan.

Tayo'y pinagwagi sa lahat ng tao,  
Sa lahat ng bansa'y namahala tayo;  
Siya ang pumili ng ating tahanan,  
Ang lupang minana ng mga hinirang.

Umakyat sa trono ang PANGINOONG Diyos,  
Hatid ng trompetang malakas ang tunog;  
Masayang sigawan ang ipinansuob.  
Purihin ang Diyos, siya ay awitan,  
Awitan ang hari, siya'y papurihan!

Ang Diyos, siyang hari ng lahat ng bansa,  
Awita't purihin ng mga nilikha!  
Maghahari siya sa lahat ng bansa,  
Magmula sa tronong banal at dakila.

Sa mga hinirang ng Diyos ni Abraham,  
Sasama ang madlang mga pamunuan  
Ng lahat ng bansa sa sandaigdigan;  
Ang mga sandata ng lahat ng kawal,  
Lahat ay sa Diyos na hari ng tanan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,  
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Dakilain natin ang Diyos na kapiling sa pamamagitan ng mga  
papuring awitin.

*Umupo*

## PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

*Deuteronomio 7:6, 8-9*

Kayo ay bansang nakatalaga sa PANGINOON. Hinirang niya kayo sa lahat ng bansa upang maging kanya. Pinili niya kayo dahil sa pag-ibig niya sa inyo, at sa kanyang pangako sa inyong mga ninuno. Ito rin ang dahilan kaya niya kayo iniligtas sa kamay ng Faraon sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan. Alalahanin ninyo na ang PANGINOON ay Diyos na hindi marunong sumira sa pangako. Tapat siya sa lahat ng umiibig at sumusunod sa kanya at ipinadarama niya ang kanyang pagmamahal hanggang sa ikasanlibong salinlahi.

*Tugunan*

Iiligtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

— Iiligtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

Mula sa mga taong sa aki'y manlilintang sa pamamagitan ng kasinungalingan,

— at mula sa bitag ng kaaway.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Iiligtas ako ng Diyos mula sa bitag ng kaaway.

*Tumayo*

## PAPURING AWIT NI ZACARIAS

*Antipona*

Itong lahing masama at di-tapat sa Diyos ay naghahanap ng tanda, ngunit walang makikitang tanda maliban sa palatandaang inilalarawan ng nangyari kay Jonas.

*Lukas 1:68-79*

*Gumawa tanda ng krus*

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!

Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang

Tagapagligtas,  
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta  
noong una,

Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,  
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,  
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwang niya sa ating amang si Abraham,  
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,  
Upang walang takot na makasamba sa kanya,  
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y  
nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;  
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga  
daraanang,

At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,  
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;  
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.  
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng  
kamatayan,  
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,  
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

### *Antipona*

Itong lahing masama at di-tapat sa Diyos ay naghahanap ng  
tanda, ngunit walang makikitang tanda maliban sa palatandaang  
inilalarawan ng nangyari kay Jonas.

### PANGKALAHATANG PANALANGIN

Purihin ang Diyos, ang tagapagbigay ng kaligtasan, na nagtakdang  
ang sangkatauhan ay maging bagong sangnilikha sa kanya, kung  
saan ang lahat ay magiging bago. Buong pag-asang dumalangin sa  
kanya:



— Panginoon, panibaguhin mo kami sa iyong Espiritu.

Panginoon, ipinangako mo ang isang bagong langit at isang bagong lupa; panibaguhin mo kami sa pamamagitan ng iyong Espiritu sa araw-araw, upang kami'y magalak sa iyong piling sa makalangit na Jerusalem magpakailan man.

— Panginoon, panibaguhin mo kami sa iyong Espiritu.

Tulongan mo kaming makiisa sa iyo na gawing buhay sa iyong Espiritu ang daigdig na ito, at itatag sa sandaigdigang ang isang lungsod ng katarungan, pag-ibig at kapayapaang totoo.

— Panginoon, panibaguhin mo kami sa iyong Espiritu.

Palayain mo kami mula sa lahat ng kapabayaang at katamaran, at pagkalooban mo kami ng kasiyahan sa iyong mga pagpapalang alay.

— Panginoon, panibaguhin mo kami sa iyong Espiritu.

Iadya mo kami mula sa lahat ng kasamaan, at mula sa pagkaalipin sa mga bagay na bumubulag sa amin sa kabutihan.

— Panginoon, panibaguhin mo kami sa iyong Espiritu.

### *Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka  
Sambahin ang ngalan Mo  
Mapasaamin ang kaharian Mo  
Sundin ang loob Mo  
Dito sa lupa, para nang sa langit.  
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.  
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,  
Para nang pagpapatawad namin  
Sa mga nagkakasala sa amin.  
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,  
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.  
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,

At ang kadakilaan, magpakailanman.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Amang makapangyarihan,  
tunghayan mo at ang dalangin nami'y pakinggan.  
Inaakit mo kami sa pamamagitan  
ng iyong mga gawang kabutihan.  
Kami'y tulungan mo sa pagtutuwid  
sa mga luho ng aming katawan  
at ang diwa'y mapanibagong tuluyan  
sa pamamagitan ni Hesukristo,  
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

## PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila



mobile prayers



---

UNITED STATES OF AMERICA

*[www.ebreviary.com](http://www.ebreviary.com)*